## Pag-akyat ng Panginoon sa Langit

### Mga Gawa 1:1–11; Efeso 1:17–23; Mateo 28:16–20

### PAMBUNGAD

Ilang taon na ang nakalilipas, may isang batang babae na nakatayo sa palaruan habang hawak ang isang eroplanong papel. Gusto niyang lumipad ito nang pinakamalayo hangga't maaari. Sa buong lakas niya, inihagis niya ito sa himpapawid. Sandali niya itong pinanood na lumilipad—at pagkatapos ay nawala ito sa kanyang paningin. Nalungkot siya at inisip niya na bumagsak na ito. Ngunit mahinahong sinabi ng kanyang guro: "Hindi, lumilipad pa rin iyon. Hindi mo na lamang ito nakikita, ngunit nagsisimula pa lamang ang paglalakbay nito."

Ngayon ay ipinagdiriwang natin ang Pag-akyat ni Hesus sa Langit. Tulad ng eroplanong papel na iyon, ang pagkawala ni Hesus sa ating paningin ay hindi isang pamamaalam kundi simula ng isang misyon—isang misyong nagpapatuloy sa bawat isa sa atin. Apatnapung araw matapos ang Kanyang muling pagkabuhay, nagpakita si Hesus sa Kanyang mga alagad, nagturo, gumabay, at nagpatunay ng katotohanan ng Kaharian ng Diyos. At pagkatapos, iniakyat Siya sa langit—hindi upang iwan silang nag-iisa, kundi upang bigyan sila ng kapangyarihan ng Espiritu Santo upang dalhin ang Kanyang mensahe hanggang sa dulo ng daigdig.

Buksan natin ang ating mga puso kay Kristo na buhay at naririto sa ating piling, tinatawag tayong sumunod sa Kanya, magpatotoo sa Kanyang pagmamahal, at ibahagi ang kagalakan ng Kanyang Kaharian sa ating mga tahanan, komunidad, at sa buong mundo.

### HOMILIYA:
### ANG PAG-AKYAT SA LANGIT – SIMULA NG MISYON, PRESENSYA, AT KAGALAKAN

Ilang taon na ang nakalilipas, may isang batang babae na nakatayo sa palaruan habang mahigpit na hawak ang isang eroplanong papel. Gusto niyang lumipad ito nang pinakamalayo hangga't maaari. Sa buong lakas niya, inihagis niya ito paitaas. Sandali niya itong pinanood na pumailanlang—at pagkatapos ay nawala ito sa kanyang paningin. Nalungkot siya at inisip na bumagsak na ito. Lumuhod ang kanyang guro sa tabi niya at nagsabi, "Hindi, lumilipad pa rin iyon. Hindi mo na lamang ito nakikita, ngunit nagsisimula pa lamang ang paglalakbay nito." Ang tagpong iyon ay tunay na larawan ng hiwaga ng Pag-akyat ni Hesus sa Langit. Ang tila wakas—ang sandaling nawala si Hesus sa kanilang paningin—ay simula pala ng isang mas dakilang bagay.

Apatnapung araw matapos ang Pasko ng Muling Pagkabuhay, noong unang umaga ng Pag-akyat sa Langit, nakatayo ang mga alagad sa Bundok ng mga Olibo at nakatingala sa langit. Ilang linggo nilang nakasama ang muling nabuhay na si Kristo. Nakita Siya, napakinggan Siya, nakasama Siya sa paglalakad, at namangha sila sa Kanyang presensya. Ngunit ngayon, inakyat Siya sa piling ng Diyos Ama at nawala Siya sa kanilang

paningin. Marahil puno ng pagkamangha, pagkalito, at pananabik ang kanilang mga puso. At sa sandaling iyon ng pagtataka ay dumating ang isang hamon at isang pangako: "Bakit kayo nakatayo rito at nakatingin sa langit? Ang Hesus na ito ay magbabalik. Ngunit kayo ang magiging mga saksi ko hanggang sa dulo ng daigdig."

Itinuturo sa atin ng Pag-akyat ni Hesus sa Langit ang tatlong malalalim na katotohanan. Una, ito ay simula ng misyon. Tulad ng maliit na eroplanong papel na patuloy sa paglipad, hindi nagtapos ang kuwento ni Hesus nang Siya'y umalis sa lupa. Ang Ebanghelyo ni Lucas ay tuluy-tuloy na nagbubukas tungo sa Mga Gawa ng mga Apostol, ipinapakita na ang Pag-akyat sa Langit ay isang paglulunsad para sa pagpapalaganap ng Kaharian ng Diyos. Isinugo ang mga alagad, hindi bilang mga tagapagsalita lamang, kundi bilang mga saksi—mga taong nakakita, nakahawak, at nakaranas sa muling nabuhay na Kristo.

Sa ngayon, maraming Kristiyano ang nananatiling tahimik, hindi dahil wala silang malasakit, kundi dahil hindi pa nila tunay na naranasan ang Diyos sa personal na paraan. Ang hamon ay mamuhay nang may napakalalim at totoong pakikipagtagpo kay Kristo upang hindi maiwasang mapansin ito ng iba.

Isipin ang isang parokyanang araw-araw na nananalangin para sa kanyang amamng maysakit. Isang umaga, biglang bumuti ang kalagayan nito. Hindi iyon basta pagkakataon lamang—iyon ay ang buhay na Diyos na kumikilos sa gitna ng pang-araw-araw na buhay. O isipin ang isang grupo ng kabataan na nagpaplano ng isang gawain para sa komunidad. Sa simula, tila walang maayos na nangyayari. Ngunit nang sama-sama silang manalangin at anyayahan ang Espiritu Santo sa kanilang pagpaplano, biglang dumaloy ang mga ideya, may mga taong tumulong, at ang tila imposibleng gawain ay naging matagumpay at puno ng kagalakan.

Ipinapaalala sa atin ng Pag-akyat sa Langit ni Hesus na ang misyon na walang kapangyarihan ng Diyos ay madaling mabigo, ngunit kapag ang Kanyang Espiritu ay kasama, kahit maliliit na gawain ay kayang makapagpabago ng mundo.

Ikalawa, ang Pag-akyat sa Langit ay paanyaya sa katapangan at presensya. Ang mga alagad ay hindi inabandona —pinagkatiwalaan sila ng misyong magpatotoo tungkol sa Kaharian ng Diyos. Si Hesus ay umakyat sa isang mas malalim na uri ng presensya: hindi na limitado ng lugar at panahon, kundi nananatiling kasama natin sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ng Simbahan, at ng bawat sumusunod sa Kanya. Pagngilayan natin ang kuwento ng isang batang boluntaryo na nalulula sa kahirapan na nararanasan ng kanilang lungsod. Nang maalala niyang naghahari si Kristo, nagsimula siyang tumulong sa ilang bata sa kanilang lugar. Unti-unti, ang maliliit niyang gawain ng kabutihan ay naging daan upang mabago ang buhay ng marami.

Unti-unti, ang maliliit na gawaing iyon ay lumago at naging isang masiglang programa para sa komunidad. Ang pagtitig sa dakilang Kristo ay nagbibigay ng lakas ng loob upang kumilos, kahit tila madilim o walang pakialam ang mundo.

Ikatlo, ang Pag-akyat sa Langit ay nagbibigay ng tamang pananaw at pag-asa. Naghahari si Hesus sa buong sangkatauhan. “Ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa ay ibinigay sa Akin. Ako’y kasama ninyo palagi hanggang sa katapusan ng panahon.” Sa mga panahon ng kawalan ng pag-asa—mga digmaan, kawalang-katarungan, at krisis sa kalikasan—ipinapaalala sa atin na tiyak na ang tagumpay ni Kristo. Minsan ay inilarawan ng isang pari ang maigting na pagpupulong sa Diyosesis na tila imposibleng maresolba. Tahimik na nanalangin ang isang matandang pari habang nakatuon kay Kristo na naghahari. Makalipas lamang ang ilang minuto, humupa ang tensyon at nagkaroon ng mga solusyon. Ang kapangyarihan ng Diyos ay nagwawagi sa pamamagitan ng papuri, pagtitiis, at pananampalataya.

Ngunit nasaan nga ba ang langit? Isang simpleng pananaw ng isang bata ang nagbibigay sa atin ng kasagutan. Noong sinabi sa isang tatlong taong gulang na batang babae na ang kanyang bagong silang na kapatid na namatay ay nasa langit na, sinabi niya: “Kung ganoon, makakalaro na niya si Hesus palagi.” Ang langit ay hindi isang malayong lugar na nasa ulap. Ang langit ay liwanag, kagalakan, at pakikipag-isa sa Diyos. Ito ay nasa kung saan pinupuri si Kristo, kung saan ibinabahagi ang pag-ibig, at kung saan kumikilos ang mga tao sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Bawat gawa ng kabutihan, bawat sandali ng habag, bawat kilos ng awa ay nagdadala ng bahagi ng langit sa ating mundo.

Ang Pag-akyat sa Langit ay isang paanyaya rin upang sundan ang mga yapak ni Kristo. May isang peregrino sa Bundok ng mga Olibo na minsang tumingin sa Herusalem at lumuhod sa harap ng mga bakas ng paa sa bato, iniisip niya kung iyon nga ba ang huling yapak ni Hesus sa lupa. Totoo man o hindi, malinaw ang paanyaya: sumunod ka sa Kanya. Ang Pag-akyat sa Langit ay hindi tungkol sa panonood kay Hesus na lumulutang palayo; ito ay tungkol sa matapang na paglalakad sa Kanyang mga yapak—sa pamamagitan ng paglilingkod, katarungan, pag-ibig, at awa—sa ating mga tahanan, trabaho, at lansangan. Bawat munting gawa ng pag-ibig ay bakas ng Kanyang paglalakbay sa mundo.

Nakikita natin ito sa mga kuwento ng ordinaryong tao: isang gurong naghikayat sa kanyang mga estudyante na sumulat ng liham para sa mga nalulungkot sa mga tahanan ng pag-aaruga; isang kabataang babae na minsang bawat linggo ay naghahatid ng pagkain sa isang silungan; isang seminaryo sa Dublin na naghuhubog ng mga pari upang dalhin ang Ebanghelyo sa iba’t ibang panig ng mundo. Sa bawat gawa, sa bawat alagad, sa bawat saksi, nagpapatuloy ang presensya ni Kristo at ang misyong ipinagkatiwala Niya sa Kanyang Simbahan.

Sa huli, ipinapaalala sa atin ng Pag-akyat sa Langit ang mapagkalingang kamay ng Diyos Ama. Bumalik si Hesus sa Diyos Ama, ngunit iniwan Niya ang pangako: “Ako’y kasama ninyo palagi.” Tulad ng mga magulang na kailangang palayain ang kanilang mga anak upang sila’y lumago, binubuksan ng Pag-akyat ni Kristo sa Langit ang daan tungo sa mas malawak at masaganang presensya sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang mga

paghihiwalay, gaano man kasakit, ay nagiging pintuan tungo sa bagong buhay, bagong paraan ng pakikipagtagpo sa Diyos, at bagong anyo ng misyon.

Kaya tulad ng batang babaeng tumitingin sa kanyang eroplanong papel, tinatawag tayong itaas ang ating mga mata, puso, at espiritu. Nagsisimula pa lamang ang paglalakbay. Tayo ay mga saksi, pinalalakas ng Espiritu Santo, sumusunod sa mga yapak ni Kristo, at nagdadala ng langit sa lupa sa pamamagitan ng ating mga pagmahal, pagbigay ng pag-asa, at kagalakan. Magkaroon sana tayo ng tapang, sapagkat ang Kristong umakyat sa langit ay kasama natin—palagi, hanggang sa wakas ng panahon.

Hayaan ninyong magtapos ako ng isa pang kuwento: May isang kabataang babae na minsang nag-atubiling tumayo sa harap ng isang batong may bakas ng mga paa sa Herusalem. Inisip niyang tila imposibleng sundan si Hesus sa gitna ng abalang buhay at napakaraming panggugulo ng mundo. Ngunit habang naglalakad siya sa mga lansangan at sa mga puno ng olibo, nakakita siya ng maliliit na palatandaan ng Diyos saanman: isang mabait na ngiti, isang kamay na tumutulong, isang sandali ng panalangin. At naunawaan niya: ang pagsunod kay Kristo ay hindi tungkol sa mga himala sa langit—kundi sa pamumuhay ng Kanyang pagmamahal dito at ngayon.

Ang Pag-akyat sa Langit ay hindi pamamaalam. Ito ay simula. Ito ay paanyaya na bumangon, pumailanlang, at dalhin ang Kaharian ng Diyos sa lupa—pinapalakas ng Kanyang Espiritu, puno ng tapang, at pinananatili ng kagalakan.

Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr.**